



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-52 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-8 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 04 AGOSTO 2014, IKA-11:30 NG UMAGA SA HULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis
Konschal Eduardo K. Soriano
Konschal Johnell C. Sifel
Konschal Gualberto V. Magno
Konschal David D. Dela Cruz
Konschal Ramil O. Dimapilis
Konschal Juan S. Advincula
Konschal Elsie F. Galaran
Konschal Juanito A. Bacay, Jr.
Konschal Joseph M. Galicia

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 105

Taong 2014

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA
NAULILA NG YUMAONG SPO4 LORETO TARIGA
PARAOAN NG TANGGAPAN NG PULISYA NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T si SPO4 Loreto Tariga Paraoan ay naglingkod bilang isang alagad ng batas sa loob ng mahabang panahon;

SAPAGKA'T ang paglilingkod niyang ito bilang tagapaglingkod ng kapayapaan at kaayusan ng bayan ay nagsimula noong Hunyo 9, 1969 bilang isang miyembro ng Philippine Constabulary hanggang sa kanyang pagri-retiro noong taong 2000 bilang isang Senior Police Officer 4;

SAPAGKA'T sa buong panahon ng kanyang panunungkulan bilang alagad ng batas, hindi niya inalintana ang mga panganib sa kanyang buhay upang maisagawa lamang ang nararapat para sa ikabubuti ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang kanyang pagpuna ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa kanyang butihing maybahay at mga anak, ganundin sa mga dating kusamahan sa tanggapanang kinubibilangan;

SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ito at ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pamilya _____ at mga kaanak ng namayapang Loreto Tariga Paraoan.


DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng labut—

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga naulila ng pumanaw na SPO4 Loreto Tariga Paraoan ng Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Eva Paraoan, mga anak at mga kaanak lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

PINAGTIBAY: 04 Agosto 2014

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan